# PROLOGUE

January 1992...

"Bakit ka umiiyak?"

Tinabihan ng twelve-year-old na si Lake ang batang babae na nakaupo sa steps sa labas ng bahay nila. Ngayon lang niya ito nakita. Maputi at makinis ang balat nito kaya lang ay puno ng dumi at putik. Maging ang magandang mukha at damit nito ay marumi rin. Tumuon sa kanya ang mga mata nitong puno ng luha.

"What? I can't understand you," patuloy ang iyak nito.

"I said why are you crying?" Tiningnan niyang mabuti ang katabi. Hindi ito mukhang Amerikana pero halata ang American accent sa paraan ng pagsasalita nito.

"The pigs hate me," hikbi nito. "They kept running away from me."

Itinago ni Lake ang ngiti sa labi. Alam niya ang lugar na tinutukoy nito, ang babuyan ng matandang

lalaking kapitbahay nila, si Ka Manuel. May sampung biik sa babuyan nito.

“What’s your name, little girl? I’m Lake. I live here. How about you? Where do you live?”

Nakangiti niyang inilahad ang kamay. Nakita niyang sumimangot ito bago seryosong tumingin sa kanya.

“I’m Kim and I’m not a little girl. I’m six years old!” tugon nito. “Do you have cookies and milk? I’m hungry.”

“Yup! I have them inside. But first, tell me where you live.”

Tumayo si Kim at binuksan ang pinto ng bahay nila. Bago ito pumasok ay lumingon muna sa kanya.

“You know, I like you… When I grow up I’m gonna marry you.”

# 1

January 2007...

"I'm going to sleep here tonight!" Dere-derechong pumasok si Kim sa bahay ni Lake. May bitbit siyang backpack at dalawang paper bags. Puno ng pocketbooks at DVDs iyong isang paper bag at damit naman iyong isa.

"You can't. My date is coming over. Dito kami magdi-dinner and I have other plans," mahinahong sabi ng lalaki.

"I won't be a problem. Hindi ko kayo iistorbohin. You won't even know I'm here," pangako niya. "What's for dinner? I'm starved." Ibinaba niya ang mga bitbit sa sahig at inilabas ang mga dalang DVDs. Nagbukas siya ng TV at ibinagsak ang pagod na katawan sa sofa. Mula sa kandungan ay namili siya ng mapapanood na DVD. Ibinato niya ang mga hindi napili sa katapat na sofa at ang mga hindi nag-shoot ay nalaglag sa sahig.

Naihilamos ni Lake ang mga kamay sa mukha. Ilang minuto pa lang nandoon sa bahay niya si Kim ay parang dinaanan na ng bagyo ang kanina

ay napakalinis na sala. Kailangang cool lang siya. Walang mangyayari kung iinit ang ulo niya. Mukhang iyon ang gustong mangyari ng dalaga kasi wala itong pakialam sa kalat. Alam nitong allergic siya sa dumi. Huminga muna siya nang malalim bago nagsalita.

"Look, Kim, you can't just barge in here and ruin my plans. You should have called first. Naka-set ang dinner date na ito last week pa."

Ilang ulit na itong sinabi ni Lake sa dalaga, call one week before going to his house ang rule nito para maisaayos ang schedule nito. Usually ay ginagawa niya iyon pero not today. Wala siyang balak bigyan si Lake ng advance notice. Importante ang sadya niya. Buo na ang desisyon ni Kim, hindi lang niya alam kung paano sisimulan.

Humarap siya sa lalaki at seryosong tumitig sa mga mata nito. Ikinurap-kurap niya ang mahahaba at malalantik na pilikmata. Nabasa ang light brown niyang mga mata at bumuka ang kanyang nanginginig at mapupulang labi.

"Do you want me to go? I'm so tired, Lake." Nangilid ang luha niya. "Nag-drive ako straight simula Manila papunta dito." Pumatak ang isang luha niya.

“Damn it! Stop it, Kim!” gigil na sabi nito. Naapektuhan ito ng luha niya kahit alam nito na nagdadrama lang siya. “Just make sure you won’t make a single sound or I’ll kick you out on your butt!”

Pinahid niya ang luha at kunwari ay inayos ang sarili. “Can I eat now? Promise, matutulog na ako pagkatapos; pagod talaga ako,” kaunting drama pa ng dalaga. Talent niya ito. Kayang-kaya niyang umiyak nang walang dahilan. Ang tanging panahon na hindi niya kayang umiyak ay tuwing nasasaktan siya. Funny, pero walang lumalabas kahit isang patak na luha, bumibigat lang ang dibdib ni Kim. Ang huling beses na umiyak siya ay noong libing ng mama niya.

“Eat fast,” utos ng binata. “Padating na ang date ko in thirty minutes. I expect you to be in your room by then.”

Nagkibit-balikat lang si Kim. Fine, treat me like a child. Ito ang unang balakid na dapat niyang malampasan. Kailangang makita siya ni Lake bilang isang babaeng kaakit-akit at hindi isang batang nakakainis.

Pagkatapos niyang kumain ay tumayo na siya para pumasok sa kuwarto.

“Wala ka bang nalilimutan?” tanong ni Lake habang ikinakabit ang necktie. He was really good-looking, six feet tall, dark and well-muscled. Tuwing tinititigan siya nito ay bumibilis ang tibok ng puso niya. Pero wala itong nahahalata sa kanya. Magaling yata siyang magtago ng damdamin o talagang hindi lang siya nito napapansin. Manhid na lalaki!

“Kim!”

“What?”

“Hugasan mo ‘yang pinagkainan mo at bitbitin mo iyong mga kalat mo sa sala,” utos pa nito.

“Oo na, oo na.”

Hindi na naman siya nakalusot. Sa lahat ng gawaing-bahay, hate na hate niya ang paghuhugas ng plato. Kaya nga kasama pa rin niya ang kanyang yaya sa apartment niya sa Manila. Ito ang gumagawa ng paraan para hindi maging gubat ang tinitirhan niya. Pero sa bahay ni Lake ay walang katulong. Ang binata ang gumagawa ng lahat ng gawaing-bahay. May pagka-OC ito, obsessive-compulsive. Napaka-organisado at sobrang linis. Kabaligtaran niya. Siya naman ay napakagaling magkalat, at home sa dumi at priority ang relaxation.

Kalahating oras na sa loob ng kuwarto si Kim

nang marinig niyang dumating ang dinner date ni Lake. Hindi siya mapakali sa silid. Kailangan niyang makita ang hitsura ng babae. Nag-isip siya ng magandang strategy para makalabas siya at makalapit sa dining room nang hindi namamalayan ni Lake. Habang kumakain ang mga ito ay dahan-dahan niyang binuksan ang pinto. Walang ingay itong ginawa. So far, so good.

Dadaan pa siya sa kitchen bago siya makarating sa dining room. May pinto sa pagitan ng kitchen at komedor pero gawa ang upper part nito sa clear na salamin. Pag sumilip siya, makikita rin siya ng mga ito. Puwede rin naman siyang dumaan sa backdoor at sumilip sa window ng sala. She would have a clear view of the dining room without them seeing her. Pinili niyang lumabas sa backdoor. Nakapaa siyang pumunta sa kitchen. Hindi na siya nag-abalang patungan ng bathrobe ang manipis niyang nightshirt. Sisilipin lang naman niya ang hitsura ng ka-date ni Lake.

Tama ang akala ni Kim. Kitang-kita ang babae mula sa puwesto niya. Umakyat siya sa nakausling bato at humawak sa rehas ng bintana. The woman was stunningly beautiful and looked like a model. Mukha itong Amerikana pero nagsasalita naman ng Tagalog kaya malamang ay half-American ito.

Matangkad din ang babae. Maikli at curly ang buhok nito. Very short and revealing ang suot nitong red halter dress. Parang linta kung kumapit ito kay Lake, ang sarap sabunutan!

*Ganito ba ang tipo ng babae ni Lake?Sophisticated and worldly?* napapangiwing tanong ni Kim sa sarili.

Ang sinabi ni Levi ay mga model types daw ang mga idini-date ng kapatid nito. Hindi nga siya ganoon pero maraming nagsasabi na maganda siya, maliit nga lang sa height na 5'1". Her features were delicate but at the same time, sensual. Malakas ang kanyang sex appeal. Ang description sa kanya ng isang manliligaw niya ay naughty angel. Maganda ang hubog ng kanyang katawan, proportion sa height niya. Mahaba, tuwid at itim na itim ang buhok niya.

Ang disadvantage nga lang niya ay she looked younger than her age. Pag naka-ponytail siya, walang makeup at maluwag ang t-shirt na suot katulad ngayon, napagkakamalan siyang sixteen years old. Hay! Wala siyang kalaban-laban sa American beauty na kalandian ni Lake.

Wala pa siyang nami-meet na girlfriend ng kaibigan, wala pa itong naipakilala sa mga magulang nito. Noong nasa elementary at high school siya ay hindi pa siya interesado sa love life ni Lake. Nang

tumuntong siya ng college ay nasa Diliman naman siya. Wala pa siyang natitiyempuhang babae na kasama ng binata, ngayon lang!

May dumikit na malamig at madulas na bagay sa binti niya. Kinilabutan siya, nakakadiri ang feeling. Napasigaw siya at kaagad niyang pinagpapagpag ang binti niya. Dumulas ang paa niya ay bumagsak siya sa semento, una ang puwit. Nakagat niya ang labi sa sobrang sakit. Hindi kaagad siya makagalaw. Pinakiramdaman niya ang sarili kung may nabaling buto o muscle. Mukhang wala naman.

“What the hell are you doing here?” galit pero mahina ang boses ni Lake.

Pag-angat ng mukha ng dalaga ay nasa harapan na niya ito. Dali-dali niyang ibinaba ang tumaas niyang nightshirt. Pinamulahan siya ng mukha. Nakita yata nito ang panty niyang *Snoopy*. How unsophisticated! Tinulungan siya nitong tumayo. Hindi niya naitago ang pagngiwi ng mukha. Masakit talaga puwitan niya, sigurong may pasa iyon kinabukasan.

“What’s wrong? Ano’ng masakit sa ‘yo?” Nag-aalalang ikinulong nito sa dalawang kamay ang mukha niya at masusing tiningnan ang bawat parte niyon.

"W-wala. Nadulas lang ako."

Napakabango ng hininga ni Lake. Nang dumako sa mga labi niya ang mga mata nito ay wala sa loob na naiawang niya iyon. Nahigit nito ang paghinga. She saw fire in his eyes pero nawala rin iyon kaagad. Namalikmata lang ba siya? Pinahid ng thumb nito ang lower lip niya. May kaunting dugo iyon.

"What the hell did you do?"

"Nakagat ko nang hindi sinasadya," sagot niya at inilapit ang mukha rito. "Want to kiss it better?" pilyang tanong niya. Nandoon na naman ang kislap sa mga mata nito. Hindi siya namalikmata lang. Lake wanted to kiss her!

Inilapit pa niya ang kanyang mga labi sa bibig nito. Kapiraso na lang ang pagitan nila. Ang bango talaga ng hininga nito. Nakita niyang gumalaw-galaw ang Adam's apple nito. Umakyat ang kamay nito sa balikat niya. *Yes!*

Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat, pagkatapos ay inilayo ang sarili sa kanya. Nang tumingin ito sa kanya ay wala na ang apoy sa mga mata nito, napalitan na ng yelo.

"What are you doing? Nag-promise ka, Kim. 'Tapos you're here spying on me," malamig na sabi

nito.

“I’m not spying on you. I heard something…”

“I don’t buy that. Pumasok ka na. May bisita ako sa loob na nag-iisip na kung nasaan na ako. I’ll deal with you later.” At walang lingon-likod na iniwan siya nito.

Pumasok siya sa kuwarto at nahiga sa kama. Muntik na siyang hinalikan nito. *Sayang!*

# 2

One year old pa lang si Kim ay divorced na ang parents niya. Sa Pilipinas nagpipirmi ang papa niyang si Don Manuel Villa, samantalang sa Los Angeles, California naman sila nakatira ng mama niya, si Doña Sofia. Dumadalaw ang papa niya tuwing birthday niya at tuwing Pasko. Shortly after her sixth birthday, her mother died in a car accident. She was devastated.

Nang mailibing ang kanyang ina ay umuwi kaagad silang mag-ama sa Pilipinas, leaving the country where she was raised. Sa Tayabas, Quezon ang bayan ng kanyang ama. Don Manuel owned the biggest house in town. Pag-aari rin nito ang telepono, cable TV at water supply sa buong bayan.

Inihatid lang siya ng papa niya sa bahay at kaagad din itong nagpaalam dahil may importanteng meeting daw itong dadaluhan. She was left in a strange house with strangers. She wanted to cry. She felt so lost. Lahat ng tao ay hindi niya maintindihan.

Nang maging abala ang mga kasama niya sa bahay ay lumabas siya. Mabigat ang kanyang batang puso. *Mama, I need you! I'm so lonely here.*

Malayu-layo na rin ang nalalakad niya nang makita niya ang mga biik sa loob ng kural. *Piglets! Goody! They're so happy. I bet they can make me happy!* At walang pakialam sa putik na pumasok siya sa kural. Nalimutan niya ang mga iniisip at sinimulang habulin ang mga biik. Napagod siya sa paghahabol sa mga ito pero kahit isa ay wala siyang nahuli. Umiyak siya dahil sa magkahalong lungkot at frustration at umupo sa steps ng pinakamalapit na bahay.

And there she met Lake. She liked him at once. Ito ang pinakaunang tao na nagparamdam ng concern sa kanya at ang mababait nitong mata ay nakabawas ng kalungkutan niya. She didn't want to leave him… ever!

But her father came back and looked for her. Galit na galit ito, hindi lang sa kanya kundi pati sa mga kasambahay nila. Pinagbawalan siya nitong lumabas ng bahay.

Binigyan siya nito ng yaya, si Yaya Nel. Ito raw ang magbabantay sa kanya. Mabait ito. Simula nang araw na iyon ay ang Yaya Nel niya ang nag-aasikaso sa kanyang mga pangangailangan. Noong una ay hindi sila nagkakaintindihan pero ramdam niya ang malasakit nito. Kahit binawalan siya ng ama

na pumunta sa bahay ni Lake, she did it everyday. Pagkaalis ng papa niya papunta sa office, umaalis din siya.

Naiintindihan ng kanyang yaya ang kalungkutang nararamdaman niya kaya naman pinapayagan siya nito na pumunta sa bahay ni Lake. Nakikita nito ang sigla niya kapag galing siya sa bahay ng binatilyo at nakikita rin nito ang kalungkutan niya kapag hindi siya nakalabas. Tuwing hapon ay sinusundo siya ni Yaya Nel sa bahay ng bagong kaibigan niya.

Hindi naging malapit si Kim sa kanyang ama. Business ang pinakaimportanteng bagay para rito. Bihira silang magkita sa loob ng bahay. Pakiramdam niya ay hindi ito sanay na kasama siya at hindi nito alam kung paano siya alagaan. Walang panahon si Don Manuel para ipasyal siya o kaya ay lambingin siya. Parang wala itong pakialam sa kanya.

Kaya naman ibinuhos niya ang atensyon kay Lake, isinasama siya nito sa pamamasyal sa ilog, tinuruan siyang umakyat sa puno, magbisikleta at gumamit ng tirador. Palagi siyang kabuntot ng binatilyo, kahit saan ito pumunta.

Naiinis sa kanya ang mga kapatid nito. Asungot ang tingin ng mga ito sa kanya pero wala siyang pakialam. Ang importante ay palagi niyang kasama

si Lake. Nawawala ang lungkot niya pag kasama niya ito. Palagi siyang inaasar ng mga kapatid nito, ang tawag sa kanya ay 'Ingleserang pandak,' which didn't bother her kasi hindi niya alam ang ibig sabihin niyon. Nakikita lang niya na tumatawa ang mga ito kapag sinasabi iyon.

Pero nang mapansin ng mga ito na hindi siya apektado, tinranslate naman sa English ang mga salitang iyon. Nang tawagin siya ni Leila na 'English-speaking dwarf' ay itinulak niya ito sa putikan. Nagsumbong ito kay Lake. Hindi naman niya idinepensa ang sarili, alam niya na dapat ay hindi na lang niya pinansin iyon. Pabigla-bigla kasi siya, nag-sorry siya kay Leila.

Si Levi ang nagsabi ng dahilan kung bakit niya itinulak si Leila. Kinausap ni Lake ang mga kapatid, hindi niya alam kung ano ang sinabi nito. Pero pagkatapos noon ay hindi na siya tinatawag ng mga ito ng ibang pangalan except Kim.

Panganay si Lake sa limang magkakapatid, twelve years old ito. Pangalawa ay si Lana, eleven years old. Si Leila naman ay nine years old. Ang kambal ang kaedad ni Kim, sina Levi at Lemuel.

As years went by, Lake's family learned to accept her presence. 'Mama Elena' ang tawag niya sa ina ni

Lake at 'Papa Rico' naman sa ama nito. Ang mga magulang ng binatilyo ang nag-insist na iyon ang itawag niya sa mga ito. Mababait ang mag-asawa, itinuring din siyang parang anak. Sa pamilya ni Lake na siya natutong magsalita ng Tagalog.

Hindi mayaman ang pamilya Mendez. Ang tatay at nanay ni Lake ay government employees. Hindi naman sila kinakapos, wala lang puwang ang kahit anong luho. Pasa-pasa ang damit. Pero pinagpilitan ng mga ito na mapatapos ang mga anak.

Sa ngayon, si Lake ay isang CPA, sina Lana at Leila ay parehong Mass Communications graduates. Si Lemuel ay kasalukuyang nasa medical school. Pareho naman sila ni Levi na Fine Arts ang tinapos. Magkaklase sila sa *UP Diliman*, magkaiba nga lang ng major. Sculpture ang kay Levi, Visual Communications naman ang sa kanya.

Kasundo niya si Levi. Madalas niyang kasama itong tumambay sa campus. Magkapareho sila ng ugali kaya bata pa lang ay naging malapit na sila sa isa't isa. Special ang treatment nito sa kanya, siguro dahil nga magkababata sila. Maraming nagkakamali na mag-boyfriend sila maliban lang iyong mga kabarkada nila na alam kung sino talaga ang idini-date nila.

Minsan ay biniro siya ni Levi habang nakatambay silang dalawa sa canteen.

*"Kim, may pag-asa ba tayong maging mag-boyfriend?"*

*Napatanga siya. Nagbibiro ba ito? Nakangiti si Levi sa kanya na parang bale-wala lang ang tinanong.*

*"Siyempre wala!" nakasimangot na sagot niya.*

*Tumawa ito nang malakas.*

*"We'll see, babe!" nang-aasar na sagot nito.*

Hindi naman niya ginawang big deal iyon kasi ganoon lang talaga ang ugali nito, alaskador. Masyado silang magkaugali para magkaroon ng feelings other than brotherly si Levi sa kanya.

And there was this incident during her eighteenth birthday. Nagkakainan na noon ang mga bisita. Masyado pa ring mataas ang spirit ni Kim para pagtuunan ang masasarap na pagkaing nakahain sa harap niya.

*"You look very beautiful tonight, Kim," seryosong sabi ng katabi niyang si Levi.*

*"Thank you, kind sir!" nakangiti pa ring sagot niya.*

*"Can I talk to you in private?" seryoso pa ring sabi nito.*

*"Sure, doon tayo sa study ni Papa."*

*Walang tao roon kasi nakasarado iyon sa mga bisita. Alam lang niya kung saan itinatago ng papa niya ang susi. Pagkapasok nila sa silid na iyon ay ini-lock niya ang pinto. Tinanggal niya ang sapatos at umupo sa swivel chair ng ama.*

*"At last! My feet are killing me." Lumingon siya kay Levi. "Why are you so serious? Umupo ka nga d'yan sa tapat ko," aniya, sabay nguso sa katapat na upuan. "What can I do for you, Mr. Levi Mendez?" panggagaya pa niya sa boses ni Don Manuel.*

*Imbis na maupo ay pumunta ito sa tabi niya at yumukod, aktong hahalikan siya sa bibig.*

*"Happy Eighteenth Birthday, Miss Kimberly Villa."*

*Mabilis niyang naitakip ang kamay sa bibig niya.*

*"What are you doing?" nagulat na tanong ni Kim.*

*"Giving you your first kiss as an adult," seryosong sagot nito.*

*"I gather that, but why?"*

*"What do you mean why?"*

*"Why are you cheating me with my first kiss? I want it to be with somebody special," seryoso ring tugon niya.*

*Bumakas ang sakit sa mga mata ni Levi.*

*"I'm sorry. I thought I was special to you." Tumalikod ito papuntang pinto. Mabilis siyang tumayo at pinigil ang braso nito.*

*"Levi, you are. You're important to me, but as a brother, not like a lover. You understand, right?" Tinagtag niya ang braso nito.*

*Humarap ito sa kanya. The pain was still evident in his eyes. Nabitiwan niya ang braso nito.*

*"Yes, Kim. Now, I understand," malungkot na sabi nito. At dere-derecho itong lumabas ng study.*

Naiwan siyang tulala, saka lang niya naintindihan na hindi sisterly ang nararamdaman sa kanya ni Levi. Pero kapatid lang ang turing niya rito. Nasaktan ba niya ito? Hindi niya sinasadya.

Nang sumunod na pagkikita naman nila ay parang walang nangyari. Balik ang kakulitan ni Levi. Hindi nabago ang treatment sa kanya. Mukhang hindi naman ito nasaktan o nagtampo man lang. Wala isa man sa kanila ang nag-ungkat ng nangyari

noong birthday niya.

Ang matagal nang in-love kay Levi ay ang best friend niyang si Charmaine. Pero hindi naman napapansin ng lalaki ang kaibigan niya dahil hindi naman ito nababakante, palaging may bagong girlfriend, all tall and gorgeous. Tall and gorgeous din naman si Charm, mahiyain nga lang at very proper. Ito ang tipo ng babae na dapat ay sineseryoso.

Ang tipo naman ni Levi ay iyong mga fun girls na hindi uso ang salitang commitment. Alam iyon ni Charm but still, si Levi lang ang lalaki para rito, hindi pinapansin ang mga nanliligaw.

Sa ngayon ay maganda na ang buhay ng pamilya ni Lake. May tatlo silang special pasalubong stores. Si Lake ang nagma-manage ng branch sa Lucban. Magkatulong naman sina Lana at Leila sa pamamahala sa branch sa Sariaya. And the rest of the family ay naka-focus sa main branch nila sa Lucena City.

Mag-iisang taon na silang graduate ni Levi at ganoon na rin katagal ang pressure galing sa kanyang papa na magtrabaho siya sa kanilang business. Ayaw niyang patali sa ganoong klase ng trabaho. She liked to come and go as she pleased. Bukod pa roon ay iba ang kanyang interes, ayaw niya ng

mabigat na responsibilidad. Sa ngayon ay freelance siya sa advertising company na pag-aari ng pamilya ni Charmaine. Ito rin ang boss niya roon.

Nasa Makati ang office nila. May nakuha siyang apartment na malapit lang dito. Si Yaya Nel at ang pamangkin nito na si Belle ang kasama niya. Ulila na si Belle sa mga magulang. Ang kanyang tagapag-alaga na lang ang pamilya nito. Pinag-aral niya ito kasi mataas ang pangarap nito. Nursing ang napili nitong kurso. Matalino, masipag at focused sa pag-aaral si Belle kaya wala silang problema rito. Mabait na bata ito at kapatid na ang turing niya sa pamangkin ng kanyang yaya.

Her mind went back to Lake. Lake at twelve was nothing compared to Lake at twenty-seven. His mere presence was very commanding. Hindi puwedeng hindi ito mapansin. His eyes were piercing, kayang-kaya nitong basahin ang nararamdaman niya kaya extra careful siya sa harap nito. His hair was curly and cut short, giving him a tame look, which was very deceiving. Lake was a force to reckon with pagdating sa business deals and when it came to family matters.

Tatlong taon nang namamalagi si Lake dito sa Lucban. First time niyang nakapunta sa bahay na

ito noong eighteenth birthday niya. What a tragic night! The night she started to pretend.

Iginala ni Kim ang paningin sa kuwarto. Simula nang piliin niya iyon ay hindi na iyon ipinapagamit ni Lake sa iba. Kanya raw iyon. Apat ang bedrooms sa bahay; sa master's bedroom natutulog si Lake at guest rooms na ang natitirang dalawa.

She came here for a reason. She came here to fight for something very important to her.

Hindi niya napigilan ang sunud-sunod na paghikab. She was really tired. She drove from Manila non-stop. She would deal with Lake later. She would think about him later.

# 3

Malalim na ang gabi nang bumalik si Lake sa bahay niya. Galing siya sa resthouse ni Carla. Nauwi sa disaster ang pangatlong date nila ng babae. They would have ended up in bed, pero wala siya sa mood. May ibang mukha na sumisingit sa isip niya.

Suki nila sa store si Carla. Taga-Manila ito. Isa itong endorser ng sikat na brand ng cosmetics sa kasalukuyan. At sa ngayon ay walang promotion kaya nagbabakasyon ang babae sa Lucban.

Ang babae ang unang nag-imbitang lumabas sila. Pinagbigyan niya ito at nagulat siya na marami pala silang pagkakapareho. Magkalapit lang ang edad nila. They both liked jazz bars. Pareho silang organized at neat sa lahat ng bagay.

Liberated si Carla. Gusto nito na mag-enjoy lang muna sa buhay. Hindi pa raw ito ready sa commitment, which was fine with him. Hindi ito ang tipo ng babae na gusto niyang pakasalan.

Lumaki ito sa States. Eighteen years old na ito nang tumira sa Pilipinas. Magaling itong magsalita ng Tagalog, iba nga lang ang culture na kinalakihan

nito. Humantong kaagad sila sa kama after their first date. Kung hindi lang dumating si Kim ay malamang na nasa kama na sila ngayon sa bahay niya....

Bukas ang ilaw sa garahe pero sarado ang lahat ng ilaw sa loob ng bahay. Malamang tulog na si Kim. Sumasakit ang ulo niya just thinking of her. Matapos niyang i-secure ang bahay ay kumatok siya sa pinto ng silid ng dalaga. May narinig siyang ungol, pinihit niya ang doorknob at napansing bukas ang ilaw sa kuwarto. Tulog na si Kim.

Nakabaluktot ito, nakalilis ang nightshirt nito at nakalantad ang mapuputing hita. Uminit kaagad ang pakiramdam ni Lake. Gusto niyang haplusin ang hita nito at itaas nang tuluyan ang manipis nitong pantulog. Gusto niyang pagpalain ng kamay ang mala-krema nitong balat. Kitang-kita niya ang perpektong kurba ng katawan ni Kim. Nangangati ang mga kamay niya na maglakbay sa bawat nakatagong sulok ng katawan nito. Nakaawang ang mapupula nitong labi. He wanted to take her right there and then.

Naramdaman ni Kim ang pagpasok ng binata, pero nagkunwari pa rin siyang tulog. Hinintay niya ang susunod nitong gagawin pero nanatiling itong nakatayo lang sa harapan niya.

"Lake," mahinang sambit niya.

Ibinukas niya ang isang mata pagkatapos ay pumikit ulit. Nakita niya ang init sa mga mata ng lalaki. Nag-inat siya, bumakat ang mayaman niyang dibdib sa manipis na pantulog.

Nasilip ni Lake pati ang black lace panties ng dalaga. Mala-krema ang makinis na hita nito. Dumako ang mga mata niya sa dibdib nito. What a perfect pair of breasts! He felt himself get hard. Pakiramdam niya ay sinisilaban siya.

"Damn! Damn!"

"You're home," kunwari ay nahihirapang ibinukas ni Kim ang mga mata. Kitang-kita niya ang reaksyon ng binata. Hindi naman pala ito immune sa kanya, nakaramdam siya ng pag-asa.

Binasa niya ng dila ang kanyang mga labi. Muntik nang malagot ang pagtitimpi ni Lake.

"Can we talk tomorrow? Antok na antok na talaga ako." Ipinikit niya ulit ang mga mata at yumakap sa katabing unan.

Tumaas pa lalo ang nightshirt ng dalaga. Napamura nang tahimik ang lalaki. It was torture seeing Kim in a sensual position. At hindi na niya

kayang tagalan ito. Tinakpan niya ng kumot ang katawan nito at nagmadali siyang lumabas ng silid. Mabilis siyang pumasok sa kanyang kuwarto at ini-lock ang pinto bago pa pasukan ng kung anong demonyo ang sarili at isagawa ang nasa imahinasyon niya.

Dumerecho siya sa bathroom and took a long and very cold shower. *What the hell is happening to me?* Kanina lang ay muntik niyang mahalikan si Kim, para siyang nawala sa sarili at namagneto sa mapupula nitong labi. Pagkatapos ngayon naman ay gusto niya itong angkinin. Why was he feeling obsessive toward Kim?

*She's like a sister to me, goddammit!* Dapat ay nailabas na niya ang init ng katawan kanina, with Carla, pero hindi naman nakisama ang katawan niya at ngayon… S*h*t! Think pleasant thoughts, think peaceful thoughts! Get yourself under control, man! You're like a sex-starved maniac!* patuloy niyang kastigo sa sarili. Hindi siya lumabas ng bathroom hangga't hindi nakokontrol ang isip at katawan.

---

The first time he saw Kim, he thought she was an angel… a dirty angel. She looked so lost and she immediately caught his heart. He treated her like a

favorite youngest sister. Nagselos ang mga kapatid niya pero pinaliwanagan niya ang mga ito. Sinabi niya na masuwerte sila kumpara kay Kim. Kompleto ang pamilya nila at mahal nila ang isa't isa. Kim had no one except a busy father and a loving yaya. They understood kung bakit special sa kanya si Kim. In time, his family learned to accept her.

Tinanong niya minsan si Kim kung bakit ayaw nitong humiwalay sa kanya. Ang tanging sagot nito ay "I'm not that lonely when I'm with you." Naramdaman niya ang lungkot sa likod ng mga salitang iyon. He thought he would always be like his sister. And she was… until her eighteenth birthday.

Magbubukas pa lang sila ng branch ng special pasalubong store sa Lucban. Sobrang daming kanyang ginagawa para masigurong makakapagbukas sila in two weeks' time. Kinausap niya si Kim at ipinaliwanag na hindi siya makakarating sa debut nito. Surprisingly, she didn't make any fuss. She made him promise that she would be the one to choose her gift and that he couldn't say no. He agreed at once. He was secretly thankful sa pagiging understanding ni Kim. Usually ay hindi ito papayag, lalo na pag birthday ang usapan.

And this was her most important birthday. Kung

puwede nga lang na iwan ang ipinapatrabaho niya ay ginawa na niya. Hindi niya gustong ma-miss ang event na ito. Siya ang escort ni Kim sa party. Pero wala siyang choice kaya si Levi ang nag-proxy sa kanya. Kailangan ng constant supervision ng mga trabahador niya dahil may specific design silang sinusunod. Identical dapat ang bawat store nila para madaling matandaan ng mga kliyente nila.

Alas onse na ng gabi nang makauwi si Lake. Tinapos niya ang lahat ng paperworks na kailangan ng branch. May nakaharang na malaking bagay sa harap ng gate niya. Trash can kaya iyon? Bumaba siya ng kotse para itabi iyon at laking gulat niya nang makitang si Kim iyon. Nakaupo ito sa traveling bag at nakasandal ang ulo sa gate. She was asleep and still wearing her birthday gown.

*"Kim, sweetheart, wake up! What are you doing here?" 'Sweetheart' ang nakasanayan niyang itawag dito kahit magkaibigan lamang sila. Inalalayan niya itong tumayo. Mukhang disoriented pa ang dalaga.*

*"Hi, Lake. You're finally here," sabi nito pagkatapos humikab.*

*"And why are you here? Where's your car? How did you find the house?" nag-aalalang tanong niya nang hindi makita ang kotse ni Kim.*

*"I got the directions from Lana," kumukurap na sagot nito. "Then I asked my friends to drop me here. They're on their way to Manila."*

*She looked ravishing. Her gown was almost indecent, plunging neckline ito and it was sheer. Dali-dali niyang hinubad ang coat at ibinalabal sa mga balikat ng dalaga.*

*"You went here wearing that gown? Why didn't you wait until tomorrow? I will go there to fetch you, remember? Paano kung may rapist dito sa tabi-tabi, di napahamak ka," galit na sabi niya. "Sometimes you're not thinking at all! Come inside before you catch your death."*

*Parang maamong tupa na sumunod si Kim sa kanya. Tinanggal nito ang coat pagpasok ng bahay at hinawakan nito ang kamay niya.*

*"Don't be mad, Lake. It's still my birthday. I just don't want it to end without seeing you," nakangiting sabi nito.*

*Natauhan naman siya. Maganda ang intensyon ng babae sa pagpunta sa kanya. Gusto lang nitong makasama siya sa special day nito. Nakadama siya ng guilt dahil galit ang isinalubong niya rito.*

*"I'm sorry, sweetheart. I was just worried. You*

*looked too beautiful to be wandering all alone." Niyakap niya ito at hinalikan sa pisngi. "Happy Birthday, sweetheart!" He felt her smile.*

*"Can I collect my present now?" tanong nito.*

*He released her and proceeded to remove his tie. "Sweetheart, sinabi mong ikaw ang pipili ng gift mo kaya wala akong gift na binili for you. Don't worry, first thing tomorrow ay nasa mall tayo, okay?" Nang hindi sumagot si Kim ay tumingin siya rito.*

*She was standing in the middle of the living room. The light from the kitchen was playing tricks on her body, illuminating her silhouette. He could see every tempting line of her body. His body betrayed him. Nanatili siya sa dilim para itago ang reaksyon ng katawan.*

*"You can't buy what I want but you can give it for free," seryosong sagot nito.*

*"And what do you want?" he asked huskily.*

*Humakbang palapit sa kanya si Kim hanggang sa isang dangkal na lang ang pagitan ng mga katawan nila. Her perfume tickled his nose, it was fruity and all woman. She was a test to his sanity.*

*"I want one kiss," sagot ng dalaga habang*

*nakatitig sa labi niya.*

*He cleared his throat before giving her an answer. "I already gave that to you. Think of another."*

*"Not that kind. I want a real kiss… my first real kiss."*

*Iniiwas ni Lake ang paningin sa dalaga. He was tempted, really, really tempted.* But hell, this is Kim. You can't give a kiss like that to a woman you have been treating like a younger sister for the last twelve years! You can't! You can't! You can't! *utos niya sa kanyang utak, puso at katawan. He was finally getting himself under control when Kim pulled his face down to meet her lips.*

*His control flew out of the window. He felt shattered and whole at the same. The kiss was electrifying. Alam niya na first kiss ito ni Kim.*

*"Open your mouth, sweetheart," bulong niya. She was so sweet. He could not get enough of her. He heard her soft moans. He felt so out of control. He could not gentle the kiss. He was making love to her mouth, and soon the rest of her body. Saka siya natauhan. He forced his mouth away from hers. Lumakad siya palayo. He needed to cool down, to get his body under control. He was still very tempted to haul Kim into*

*his room and make mad, passionate love with her all night.*

Don't go there, man! *kastigo niya sa sarili.* Remember that this is Kim. My God! I'm like a sex-starved raving lunatic!

*Nakita niyang dahan-dahang umupo sa sofa si Kim. Tumingin ito sa kanya, nangingislap ang mga mata. "That was wonderful, Lake. I never knew… I never knew that a kiss could be both devastating and wonderful. It was wonderful, Lake!"*

*Tinigasan niya ang mukha. At walang emosyong sinabi, "It was just a simple kiss. Anybody can kiss you like that. Matulog ka na, Kim. Pumili ka ng room na gusto mo, bahala ka na. Let's just talk tomorrow." At walang lingon-likod na iniwan niya ito. But not before he saw confusion and pain in her eyes.*

Kinabukasan ay isang masayahing Kim ang kanyang nagisnan. Inaya siya nito sa mall at nagpabili ng maraming gifts. Kumain sila sa isang mamahaling restaurant at nanood ng sine na cartoons. Nakahinga siya nang maluwag. Hindi big deal sa dalaga ang nangyari noong nakaraang gabi. Siguro ay ginu-good time lang siya nito.

Pagbalik nito sa Manila ay nabalitaan niya kay

Levi na sunud-sunod na ang naging boyfriends nito. Ang life span ay six days to two months. Mga hindi naman daw seryoso, mukhang nag-e-experiment lang si Kim. Hindi maalis sa isip niya na baka siya ang dahilan kung bakit nangolekta ito ng nobyo. Bantay-sarado ni Levi ang mga lalaking umaaligid kay Kim at ayon dito, pag lumampas sa three weeks ang current boyfriend ni Kim ay binabalaan nito iyon nang palihim. Huwag itong magkakamaling lumampas sa boundary kundi siya at si Levi, ang makakabangga nito.

Dumating ang kapatid sa bahay niya pagkaalis ni Kim. Ipinagtapat nito sa kanya ang nararamdaman para kay Kim at ang nangyari sa mga ito noong birthday ng babae. Para siyang sinampal ng katotohanan. Si Levi ang nababagay kay Kim. Magkaedad ang dalawa at magkaugali.

So why the hell did Kim prefer his kiss over Levi? Siguro ay iniisip nito na hindi niya iyon bibigyan ng kahulugan o kaya naman ay gusto lang nito ng lesson from a more experienced man.

*It may be just an experiment to her, but what is it to you?* buska ng utak niya. *Can you deny your reaction to the kiss?*

Wala siyang maisagot sa sarili.

# 4

“Are you busy today?”

Naligo at nagbihis kaagad si Kim nang marinig niyang gising na si Lake sa kabilang kuwarto. Paglabas niya ng silid ay nasa komedor na ito, kumakain.

“Hindi naman. Why?” sagot nito habang nagpapalaman ng tinapay.

“Samahan mo ako sa Lucena, may bibilhin ako.” Umupo na rin siya sa harap ng dining table at nagsimulang kumain.

“Sige. May mga kailangan din akong bilhin. Alis na tayo pagkakain.”

‘Okay.” Walang problema sa kanya, ready na siya. Spaghetti-strapped yellow sundress ang suot niya na tinernuhan niya ng three inches white sandals na napapalamutian ng isang malaking sunflower.

Si Lake naman ay casual din ang suot, light blue polo shirt at faded maong pants. He looked so hot.

“Masyado yatang manipis ang dress mo, baka halata ang underwear mo,” kunot-noong puna nito habang palabas sila ng bahay.

“Good thing I’m not wearing any, right?” nakangiting sagot ng babae.

Pinigil niya ang tawa nang makita ang reaksyon ng binata. Hindi maipinta ang mukha nito. Wala siyang balak sabihin dito na seamless ang panties at bra na suot niya kaya hindi ito halata.

“Kim, go back to your room and change. Hindi tayo aalis kung ganyan ang suot mo,” matigas na sabi nito.

“Oh, lighten up, Lake. I’m an adult. I can wear what I want.”

“No, Kim. Change!”

Tiningnan niya ang mukha nito, seryoso ito. Napailing siya. My God! Feeling talaga ng lalaking ito ay bata pa siya na puwede nitong utus-utusan. Sa inis niya ay humarap siya rito at itinaas ang laylayan ng sundress. Ipinakita niya rito ang nude-colored panties niya.

“Happy now?” Tinalikuran niya ito at dere-derechong nagpunta sa garahe at sumakay sa unahan ng kotse. Palingon niya ay nakatulala pa rin si Lake sa kinatatayuan. “Tara na!” sigaw niya.

Pagdating nila sa Lucena ay inaya niya kaagad

ito sa *SM*. May balita siyang may bagong bukas doon na lingerie shop.

*Tingnan ko lang kung hindi maturete ang lalaking ito*, pilyang sabi niya sa isip.

“Ayoko! May pupuntahan akong iba,” tanggi nito nang malapit na sila sa lingerie shop. Magkita na lang tayo after one hour.”

“Ayoko din,” tanggi ni Kim. “Kailangan ko ng second opinion. Don’t worry, I’ll make sure na hindi ka nila mapagkakamalang bading.” Mabilis niyang hinila ito papasok sa shop.

Pinili niya ang tatlong pinaka-daring na lingerie. Una niyang isinukat ang red nightie. Backless iyon at ang neckline ay hanggang belly button, hanggang tuhod ang haba niyon at hindi naman masyadong see-through. Isinuot din niya ang ka-partner na t-back. *Tingnan ko lang kung hindi ka maglaway dito*, pilyang naisip niya.

“Honey, tingnan mo nga kung papasa ito sa iyo.” Tumalikod muna siya at nang maramdaman niyang nasa malapit na si Lake ay saka siya humarap. “What do you think?”

Hindi halos makahinga ang lalaki sa pagtingin sa mapang-akit na diyosa sa harapan niya. He cleared

his throat bago nagsalita, “It’s perfect. Babalikan na lang kita after half an hour.” Walang lingon-likod siyang lumabas ng lingerie shop. Nakapagkit sa memorya niya ang makinis na likod ni Kim, lalo na ang perpekto nitong dibdib at ang nakakagigil nitong pusod. Kailangan niyang magpalamig.

Ano ba ang ginagawa ni Kim sa kanya? Hindi pa nga siya nakaka-recover sa ginawa nitong pagpapakita ng panties kanina pagkatapos ngayon, ito naman. Hanggang kailan siya makapagtitimpi? Pinaglalaruan ba siya ng dalaga?

Nagpasalamat siya at wala nang nangyari sa maghapon nila. Nag-behave na si Kim. Nag-aya naman ito ngayon na manood ng sine. Baka rated R ang piliin nito, hindi na niya kakayahin iyon.

“Itong horror ang panoorin natin, Kim,” suhestyon niya.

“Ayoko nga! Alam mo naman na matatakutin ako, eh. Iyong love story-comedy na lang.”

“Treat kita ng kahit anong gusto mo kapag pumayag ka, sige na,” pangsusuhol niya. Nakita na niya ang trailer ng sinasabi nitong movie, may very hot na love scene doon. Baka hindi niya makontrol ang katawan.

"Kahit ang kapalit ay iyong gusto ko na bracelet sa department store?" Tinatantya ni Kim kung hanggang saan ang ibibigay nito sa kanya.

"Oo, basta iyon lang, ha!"

Nasa gitna pa lang ang pelikula ay nagsisisi na si Kim kung bakit siya nasilaw sa suhol ni Lake. Alam niyang hindi siya makakatulog mamayang gabi. Sobrang gruesome ng pinili nitong pelikula. Hinawakan niya ang kamay nito at sumisiksik siya sa dibdib nito kapag may mamamatay na sa pelikula.

Si Lake naman ay pawisan kahit malakas ang air-con. Nagkamali siya ng piniling palabas. Inip na inip na siya na matapos ang movie. Wala siyang naiintindihan, aware lang siya sa malambot na katawan ni Kim at sa mabangong samyo ng buhok nito. *Sobra na ito. Tao lang ako, hindi santo!*

Inaya niya kaagad na umuwi ang dalaga paglabas nila ng sinehan. Nag-takeout na lang sila ng pagkain. Pagdating sa bahay ay dumerecho na siya sa kuwarto.

"Matutulog ka na?" maang na tanong nito.

"Well, yeah! Pagod na ako sa maghapon nating paglilibot."

Lumapit si Kim sa binata at hinawakan ang kamay nito para hindi maituloy ang pagpasok nito sa silid.

"Pero… pero maaga pa, ah! Manood muna tayo ng DVD, maganda iyong mga comedy films na dala ko. I bet wala ka pang napapanood kahit isa doon."

"Katatapos lang nating manood ng sine 'tapos manonood na naman tayo? Magpahinga na lang tayo, okay?" Hinila nito ang kamay pero hindi pa rin niya pinapakawalan iyon.

"Please, Lake. Hindi pa ako inaantok. Samahan mo lang ako. Kahit matulog ka sa sofa, okay lang," pangungumbinsi niya.

"The answer is no, sweetheart. I'm really tired." Mabilis niyang nahila ang kamay at pumasok sa kuwarto bago pa makaisip si Kim ng panibagong argumento.

*Whew!* Hindi niya kaya na magtagal pa sa presence nito. Baka hindi na niya mapigilan ang sarili. Maghapong may nakasakay na demonyo sa likod niya pagkatapos solo pa sila rito sa bahay. Ngayon lang niya naging problema ito. Dati naman ay tumatabi pa sa kanya si Kim sa pagtulog lalo na pag natatakot ito sa multo. Tumigil lang ito sa pagtabi

sa kanya nang tumuntong ito ng twelve years old.

Nahiga siya sa kama. Pagod talaga siya. Mas nakakapagod palang magkontrol sa sarili kaysa maglakad maghapon. Ipinikit niya ang mga mata at pinilit kalimutan ang mapang-akit na mukha ni Kim.

Samantala, isinalang ni Kim ang unang season ng *Friends* at humiga sa sofa. Paano siya makakatulog nito? Hindi maalis sa isip niya ang mga nakakakilabot na eksena ng horror movie kanina. Kung puwede nga lang tumabi kay Lake tulad ng ginagawa niya simula maliit pa siya ay ginawa na niya. Pagod na rin siya at gusto nang bumigay ng mga talukap niya. Pinilit pa rin niyang manood.

Ano kaya ang gagawin niya? Tinitigan niya ang nakasarang pinto ng silid ni Lake. How she wished na lumabas ang lalaki at samahan siya sa sala.

Dahan-dahan siyang lumapit sa pinto at buong ingat na binuksan iyon. Patay ang ilaw pero may liwanag naman na nanggagaling sa labas ng bintana. *Sh*t!* Tulog na tulog ang lalaki, balot ng kumot ang katawan. Mabilis na gumana ang isip ni Kim. Puwede siyang matulog sa tabi nito nang hindi nito nalalaman. Aagahan na lang niya ang gising para makalabas siya habang tulog pa ito. Hindi na lang sasarhan ang pinto. Pinalakpakan niya sa isip ang

sarili. Brilliant idea!

Nilagyan niya ng malaking unan ang pagitan nila ni Lake at umayos na siya sa paghiga. Sigurado na siyang mahimbing ang magiging tulog niya.

---

Dala ni Lake hanggang panaginip ang pagnanasa kay Kim. Hinalik-halikan niya ang buong mukha nito. She smelled heavenly and arousing at the same time. Hinaplos niya ang balat nito, napakalambot at napakakinis. Pinadaan niya ng kamay ang perpekto nitong dibdib, naramdaman niya ang panginginig nito.

“Oh, sweetheart, you’re so perfectly made,” hindi niya napigilang sambit. Pinagsawa niya ang mga kamay sa pagdama ng perpektong hugis nito. Narinig niya ang mahinang ungol ni Kim. Dumagan siya nang tuluyan sa katawan nito at pinalitan ng labi ang mga kamay sa ginagawang pagdama ng mayaman nitong dibdib. Nakakalasing ang lasa ni Kim. Ramdam na ramdam ng dila niya ang mga goosebumps sa balat nito.

“Lake… Lake…” anas nito.

She felt so real. Too real. Iminulat niya ang mga mata at sumalubong sa kanya ang mapupungay na

mata ni Kim. Nagmamadali siyang umalis siya sa ibabaw nito at derechong nalaglag sa sahig.

"Damn!" malakas na sabi ni Lake. He was butt-naked. Hinila niya ang kumot na nasa kama at itinakip sa hubad na katawan. "What the hell are you doing here?" It seemed to be his favorite question pagdating kay Kim.

"Why did you sleep naked?" shocked na tanong nito.

"Because it's the way I sleep," sagot niya.

"But… palagi ka namang may damit pag tumatabi ako sa 'yo dati," naguguluhang sabi nito.

"Maybe because I know you will be sleeping with me," sarkastikong tugon niya. "Bakit ka natulog dito? Paano kung hindi ako nagising agad? Paano kung may nangyari sa atin? Dammit, Kim! Tao lang ako baka nakakalimutan mo!" Naihilamos niya ang mga kamay sa mukha.

"Hindi kasi ako makatulog," nakayukong turan ng dalaga. "And I know na makakatulog ako nang maayos sa tabi mo."

"Next time tell me," madiing sabi ni Lake. Wala pa rin sa control niya ang sariling katawan dahil

nakahantad ang mayamang dibdib ni Kim. "And cover yourself, dammit! I would never have myself under control with you looking like that."

Mabilis namang nagkumot si Kim. Nakamata lang siya sa palakad-lakad na lalaki. He wanted her! Masaya siya na talagang may pagnanasa ito sa kanya. Tanggal na ang unang sagabal sa plano niya.

"You know what, you don't need to tell me when you want to sleep with me. You are forbidden to sleep here, okay? When I think about what almost happened…." Tumigil ito sa paglalakad at lumapit sa kanya. "Promise me, Kim. This is important. We're both adults and I'm not as harmless as I look. Never sleep here, ever!"

"Okay, okay. I promise."

Halata ni Kim na iniiwasan siya ni Lake nang sumunod na mga araw. Paggising niya ay wala na ito at minsan ay tulog na siya pag-uwi nito. Iniiwasan talaga nito na magkasama sila nang solo. Hindi puwedeng ganito. Kailangan na niyang magawa ang phase two ng kanyang plano.

Paggising niya kinabukasan ay pinlano niya kaagad ang kanyang atake. After eating breakfast ay hinanap niya si Lake para kausapin. He was in the

backyard cooling down after his morning workout.

Lumapit siya rito. “Can I talk to you?”

“I’ll just take a shower and then we’ll sit down and talk,” sagot nito na hindi tumitingin sa kanya.

“Nope. Can’t wait. I have to tell you right now one of the reasons why I came here.”

Napatingin sa kanya ang binata. Nakakaramdam yata ito na seryoso ang sasabihin niya.

“Okay. Spill it,” kalmanteng sabi nito.

“I have decided that it’s time to lose my virginity,” desididong hayag niya.

“What? No!” sigaw nito. “Kim, are you insane? Are you on drugs? Sh*t! Levi swore you’re not touching those stuffs!”

She let him rave and rant. Alam niyang walang silbi kung magpapaliwanag siya ngayon. Sarado ang isip nito.

“What’s wrong with waiting until you’re married? My God, Kim, you’re too much!”

Huminga nang malalim ang dalaga. She had not drop the bomb yet pero parang aatakehin na sa puso si Lake. Iyon pa lang ang sinabi niya pero

grabe ang reaksyon nito.

Hinarap siya nito. "I can't think straight right now. I'll just take a shower and change, and then we'll continue this, Kim," he warned her. "And I hope to God, I'll be calmer." At nilayasan siya nito.

Alam niya na mag-iisip nang mabuti si Lake ng mga arguments na makakapagpabago ng isip niya. Too bad for him, her mind was already made up.

Ayaw ni Kim na masyadong pagtuunan ng pansin ang consequences ng kanyang gagawin. She remembered her first kiss. It was the most amazing kiss she experienced. That kiss that made her forget everything, that made her a breathing mass of sensations. And the kisses she experienced after that paled in comparison. But the pain she suffered when she saw Lake's reaction surpassed the happiness the kiss brought. She saw agony, pain, and disbelief reflected in his face. Balde-balde ang iniluha niya at matagal bago siya nakabawi.

*So why are you doing this now?* she chided herself. *Are you a masochist? Can you handle it if Lake rejects you or think you're desperate?*

She couldn't remember the time when she didn't love Lake. He was and still is her whole world.

Umaasa siya na mamahalin din siya nito bilang babae, hindi bilang kapatid lang.

Malaking dagok sa kanya ang naging reaksyon nito after their kiss. Paggising niya kinabukasan ay nagkunwari siya na walang nabago. At pagbalik niya sa Manila ay namili siya ng magiging unang boyfriend sa maraming nanliligaw sa kanya. Simple lang naman ang requirements niya—dapat hindi niya mahal, presentable, hindi clingy at good kisser.

Ang napili niya ay si Marlon, hindi pa raw ito seryoso sa mga relasyon at ayon sa mga napagtanungan niya ay magaling daw itong humalik. Pumayag siyang magpahalik dito after three dates, he knew all the right moves but there was something missing. She felt nothing. Pinagbigyan pa niya ito ng three more dates pero wala talaga. Sumuko na siya. First boyfriend lasted six days. Ang mga sumunod, nagtagal naman pero the same results. A kiss is just a kiss. She felt cheated.

At nagulat pa si Lake sa sagot niya nang tanungin siya nito in his usual tactful way kung bakit ang bilis niyang magpalit ng boyfriend. She told him that the only reason was she was looking for a way to believe that the kiss they shared was just a simple kiss. And as soon as she found a man who would make her

feel more than what she felt when he kissed her, he would be the first to know.

Levi even tried to talked to her about her relationships. Pero hindi siya nakinig. Hindi na siya nito pinakialaman sa mga boyfriends niya pero alam niyang binabantayan siya nito.

Bago siya mag-nineteen years old ay nakaanim na boyfriend na siya. Pag naramdaman niya na walang pag-asa na ma-in love siya sa kanyang current boyfriend, break kaagad, hoping that she would be lucky next time. Pero hanggang ngayon ay hindi pa siya sinusuwerte.

Until now, si Lake ang may-ari ng puso niya. Dapat pala ay dito siya nag-concentrate from the very start. Why did she give up without a fight? Bakit inaaksaya niya ang oras niya sa pagpipilit na ma-in love sa iba para lang malimutan si Lake?

But she hoped hindi pa serious ang relationship nito sa ka-date noong nakaraang gabi.

Simula nang ma-realize niya ito ay nag-isip na siya tamang move. So this was phase two; getting rid of her virginity. She crossed her fingers.

# 5

After half an hour, magkaharap naman sila sa sala. Lake looked calmer. Tinitigan siya nito, trying to read her mind, but she maintained a neutral expression.

"Let's talk about this rationally, okay?" panimula nito. "The first thing I wanna know is why. Why did you come up with this crazy decision?" Hindi nito inaalis ang paningin kay Kim, watching and waiting for signs of weaknesses on her part.

"The fact that I'm the oldest living creature in this side of town has no bearing on my decision," panimula niya. "My decision was based on my observations, experiences of my friends and classmates, and my own readiness. I want to lose my virginity on my own terms. If I were still in LA, it's probably long gone by now." Tiningnan niya ang reaksyon ni Lake, poker face ito.

"Anyway, I want it to be a happy memory. Not something I'll be ashamed of or something I can't remember at all." Huminga muna siya nang malalim bago nagpatuloy, "I'm ready now. Don't tell me to wait until I'm married because I don't see myself getting married anytime soon." *Unless you want to*

*marry me*, dagdag ng isip niya.

“Pag-isipan mo muna itong mabuti, Kim,” pakiusap nito.

“I have been thinking about this for months. I think that’s long enough.”

“No! That’s not long enough! A year is not long enough! Ten years is not long enough!” di nito napigilang sigaw. Tumayo ito at nagpalakad-lakad. “Come on, sweetheart, stop this! You’re not thinking straight. You don’t even have a boyfriend right now. Are you telling me this just to drive me out of my mind? Are you testing me? Alam ko na kung desidido ka na, I won’t be able to stop you. And I won’t even hear about it. So why am I hearing this now?”

Tinitigan ni Kim ang binata. This is by far the hardest question to answer. There is no way around this one so she plunged right ahead.

“Because…” may bumara sa lalamunan niya, tumikhim muna siya. “Because I want to lose it… with you. It’s that simple.”

Hindi niya inalis ang mga mata kay Lake. Dalawang beses nagbukas-sara ang bibig nito pero walang salitang lumabas. He swallowed hard.

"Hindi iyan simple!" sigaw nito. Tumingin ito nang matalim sa kanya. "Is this the reason for your strange behavior for the last few days?"

Hindi siya sumagot. Hindi rin niya sinalubong ang tingin nito. Tumigil ito sa pagpaparoo't parito. Tumabi ito sa kanya sa sofa at hinawakan ang kamay niya.

"Kim, this would complicate things. I'm not the right man for this. And why me?"

"Why not you?" ganti niya.

"Come on, sweetheart, it should be with somebody special to you, someone close to your heart," desperadong argumento nito.

"Precisely. Why do you think I came to you?" desisididong sagot ni Kim.

"But you're not in love with me." Napaisip ito nang malalim. "Are you in love with me?"

Tumawa siya nang mababaw. *Galingan mo, Kim!* "Don't be absurd. That's not even the point." *Ano ako, bale?Bakit ako aamin sa 'yo, eh, tingnan mo nga ang reaction mo!*

"And if hindi ako pumayag?"

“Then I would be forced to look for a new candidate,” pagba-bluff niya.

“And who is your target candidate, if I may ask?” he asked dangerously.

Hindi napaghandaan ni Kim ang tanong na ito. Nablangko ang isip niya.

“Answer me, dammit!”

Ngayon lang niyang nakita ang side na ito ni Lake. He looked fierce. And she felt a little scared. Sinabi niya ang unang pangalan na pumasok sa kanyang isip.

“L-Levi could be one,” nakayukong sagot ni Kim. Nabigla siya sa bilis ng galaw nito. Hinila siya nito patayo and he shook her hard. Mahigpit ang pagkakahawak nito sa kanya.

“Is that right? If I say no right now, do you plan to go to Levi straight away? Are you out of your freaking mind? And what will happen after that? Huh? You will jump from one bed after another? You will collect lovers like you have collected boyfriends?”

Para siyang sinipa sa dibdib. Hindi niya akalaing ganito kasama ang sasabihin ni Lake sa kanya. Ganito

ba ang iniisip nito sa kanya, na easy siya? Kaya niya sigurong tanggapin ang mga salitang ito buhat sa ibang tao… but not from this man. Ang bigat ng dibdib niya, halos di siya makahinga. Buong lakas niyang itinulak ito at tumakbo papuntang kotse, and she drove away. She heard Lake calling her but she didn't bother to look back.

She couldn't deal with him right now. She stopped her thoughts, kept her mind blank, and just kept on driving. Nakarating siya sa Lucena City, bigla siyang nakaramdam ng pagod. Nag-check in siya sa *Queen Margaret* and then she slept the day away.

Madilim na ang paligid nang magmulat ng mga mata si Kim. She immediately felt his presence. Binuksan niya ang lamp sa side table at hinanap ng mata si Lake. Nakaharang sa pinto ang sofa na inuupuan nito, and he was fast asleep. She felt happy and miserable at the same time. His mere presence brought her happiness and what happened in his house made her miserable. Was it worth it? Was Lake worth all the pain?

Alam niyang hindi magiging madali ang plano niya at handa siya roon. Sawa na siya sa pagtatago, sa pagkukunwari na hindi niya mahal si Lake. Pagod na siya sa panloloko sa sarili na maaaring may

pumalit sa lalaki sa puso niya. Simula pagkabata ay minahal na niya si Lake, kung kailan ito na-develop into romantic love, wala siyang idea.

Ngayon, she would try to make him love her, kung posible man iyon. Kung hindi talaga puwede, then she would move on.

She went to the bathroom and took a shower. Paglabas niya ay gising na si Lake. Nasa dating puwesto na ang sofa. He was in the terrace.

"How did you find me?" usisa niya.

"Miguel saw you checking in. Di mo lang siya napansin because you were upset." Kababata at best friend iyon ni Lake. Taga-Tayabas din ito at dito sa Lucena nagtatrabaho. Hindi siya interesadong alamin kung ano ang ginagawa ni Miguel sa hotel.

"Just leave, Lake, please, for now. Ayaw ko nang makipagtalo," pakiusap niya.

Lumapit ito sa kanya. Itinaas nito ang baba niya para tumingin siya nang derecho rito.

"I'm so sorry, sweetheart. I didn't mean all those things I said," masuyong sabi nito. "I was just—"

"It's okay, Lake," putol niya. "I don't want to fight anymore. I hate it when we fight."

Niyakap siya nito nang mahigpit. “I’m sorry, sweetheart. I’m so sorry,” bulong nito habang hinahaplos ang mahabang buhok niya.

Hinayaan niyang yakapin siya ni Lake. She could use a good cry right now para matanggal ang bigat ng dibdib niya. Subalit hindi naman siya makaiyak.

Inakay nito si Kim pabalik sa kama, iniupo siya nito pagkatapos ay lumuhod sa kanyang harapan.

“Look at me, sweetheart,” utos nito. “You’re too tense. How do you feel?”

“My heart hurts. I want to cry badly, Lake. Why can’t I cry? What’s wrong with me?”

Damn! It was his fault. Kasalanan niya ang paghihirap na dinadanas ni Kim. He hurt her badly. Gusto lang nitong umiyak kapag nasaktan talaga ito. Helpless ang pakiramdam niya. Hindi kayang umiyak ng dalaga kapag seryoso ang nararamdaman, simula bata ay ganito ang problema nito.

Kapag nangyayari ito ay pinag-uusapan nila kung bakit nasaktan si Kim, pinapatawa niya ito at ibinibili ng ice cream. Pagkatapos ay hindi niya ito iiwan hanggang sigurado na siya na okay na ito. Ngayon ay hindi uubra iyon, siya ang nanakit sa babae. Hindi niya alam ang gagawin. Inihiga niya

ito at kinumutan.

"What do you want me to do, sweetheart?"

"Just hold me, Lake. Lie down beside me," hiling nito.

Tumabi siya kay Kim. Iniunan sa braso niya ang ulo nito. Sumiksik sa katawan niya ang mabango at malambot na katawan nito. Ang mukha ng dalaga ay nasa leeg niya at isinali siya sa kumot nito. They fit perfectly.

Damn! His body was slowly coming to life. *Control yourself, Lake!* Hinaplus-haplos na lang niya ang likod ni Kim sa ibabaw ng damit nito.

"I feel funny. It calms me to have you hold me, but at the same time I feel restless," bulong nito sa leeg niya. Sumilip pa ito sa mukha niya. His body hardened. "And I think I want to kiss you," pahabol nito, sabay siksik ng mukha sa leeg niya. Para siyang pinasukan ng bolta-boltaheng kuryente.

Huminga siya nang malalim. "I think you have to let me go for a while, sweetheart, before I do something we'll both regret later."

"I just want a simple kiss, Lake," anas ni Kim.

"I'm only human, sweetheart. If I start kissing

you now, I don't think I can stop later. Do you understand what I'm saying?"

"You mean you want to do more than that?" nalilitong tanong ni Kim. "But I thought you don't want me."

"Oh, sweetheart, I want you so bad I ache!" nahihirapang sagot niya.

"But you were so angry. Why were you mad if you want me?" nais nitong malaman, sa kagustuhang maintindihan ang reaction ni Lake kanina.

"Because we are not talking about what I want, sweetheart. We are talking about what you want. And what you want is not good for you."

"And you think making love with you is not good for me?"

"I think you want to experience being made love to, I think… No, I don't know. Hindi ko kayang isipin na ready ka na for that. And thinking of you making love with somebody else makes me very, very angry. And you can have anyone you want; you have plenty of men to choose from. Nobody would be foolish enough to reject you," paliwanag ni Lake.

"You mean nobody except you?" puno ng

hinanakit na tanong ni Kim.

"I would never say no to you. Hindi ko lang matanggap na puwede kang pumunta sa ibang lalaki, that even though I am on top of a list, there is still a list. You will go to Levi if I said no, and it made me feel furious. Furious enough to kill Levi, and he's my brother, dammit!" sagot niya habang nakatitig sa dalaga.

Hindi lang niya masabi kay Kim na ang katotohanang Levi would not refuse her because his brother was still in love with her. At siya, ano ang excuse niya? In love din ba siya sa babaeng ito? Could life be more complicated?

Ang katotohanan ay hindi niya kayang tumanggi kay Kim... hindi niya gustong tumanggi rito. He wanted her since her eighteenth birthday. It started that night, dati naman ay kapatid lang talaga ang tingin niya kay Kim. Pero ngayon, he couldn't look at her without undressing her mentally. Damn!

She could still see violence reflected in his eyes. Hindi nagbibiro si Lake.

---

"There was no list, Lake. I just said Levi's name because you got angry. I thought if you think that

there was someone else, you would say yes. But instead it made you madder," paliwanag ni Kim. "I only wanted to make love with you, only with you," nahihiya niyang amin. "Because I trust you."

"Oh, sweetheart, I'm honored! But please don't make it hard for me to do the right thing. I know you feel this now but—"

She sealed his mouth with her lips. She was instantly electrified, all her nerve endings came alive. She shyly brushed Lake's lip with her tongue. He let out a loud groan of defeat, and took over the kiss. He held her face with his big hands and his tongue entered her mouth, tasting every inch of the sweetness within. A moan tore from her lips, she was drowning. Naglakbay ang isang kamay ng binata papunta sa kanyang dibdib. Hindi niya napigilan ang isa pang ungol nang laru-laruin nito ang kanyang nipple. Naramdaman niya ang lamig ng air-con sa kanyang dibdib, hinubad na pala nito ang kanyang blouse. She felt him stop. She opened her eyes and saw him admiring her breasts. Itinaas niya ang kamay para takpan ang mga ito. Pinigil siya ni Lake.

"Don't, sweetheart, they are perfect," bulong nito.

He licked one nipple and his hand played with the other and she felt the current down to her toes. “Stop me, sweetheart,” paos na pakiusap nito. “Stop me while I still have a tiny bit of sanity.”

“I won’t, Lake. I want you, too.”

He went wild. He showered her breast with tiny kisses while taking the rest of her clothes off. “God, Kim! You don’t know what you do to me.” Isa-isa naman nitong tinanggal ang sariling damit.

Walang inhibisyong sumunod ang mga mata ni Kim sa bawat galaw ng binata. Lake had no excess fat in his body. He was powerfully built, she was fascinated with the play of muscles in his abdomen. Her eyes slid lower, her gaze lingered on his manhood. To her inexperienced eyes, he was huge. She felt a sliver of fear. Ang nagtatanong niyang mata ay tumingin sa mata ni Lake. He was watching her.

“Don’t worry, sweetheart, I’ll be gentle,” nakangiting turan nito.

She loved this man so much and she wanted him to feel it through lovemaking. What she was scared to put into words, she would say through her actions.

Lake worshipped her body. He left no skin untouched. He licked and sucked her nipples until she wanted to scream.

"Please, Lake..." pakiusap niya. He kissed his way down to her secret fold. He tasted her and licked and sucked her until she experienced her first orgasm.

He entered her swiftly. Pakiramdam ni Kim ay nahati siya sa dalawa. Yumakap siya nang mahigpit sa kaniig.

"Lake, it hurts," daing niya.

"It will go away in a minute, sweetheart. D-don't move," nahihirapang utos nito. "Let your body get used to mine."

He kissed her eyes, then her nose and lastly, her lips. His tongue went in and out of her mouth, teasing her tongue. Parang may sariling isip na umangat ang katawan ni Kim at hindi na ito ganoon kasakit. She tried again, the pain was subsiding.

"Sweetheart, stop," pigil nito. Itinuon naman nito ang pansin sa kanyang dibdib. He played with her nipples, making her so hot. She moved again and she felt Lake lose control. He moved gently at first, and then the pace became faster and faster

until they both reached the peak. Kim felt like she was shattering into a thousand small pieces. It was bliss.

Lake fell down beside her and wrapped her in a tight embrace. She hugged him back and didn't let go until she fell into a peaceful sleep.

Nagising siyang pinagmamasdan ng binata. Hinawi nito ang buhok na nakatabing sa mukha niya. "Any regrets?" seryosong tanong nito.

Umiling siya. "Nope. No regrets," nakangiting sagot niya. Pinagmasdan niya ang mukha nito. Siguro habang-buhay na niya itong mamahalin. Mahal kaya siya nito? No, di muna niya iisipin ang bagay na iyon.

Nagising siya sa kalagitnaan ng gabi sa halik at haplos ni Lake. They made love three more times during the night.

"So, where do we go from here?" tanong nito, seryoso pa rin ang mukha.

"Let's just take one small step at a time, what do you think? Get to know one another from another perspective." Ngumiti siya sa lalaki. Gusto niyang namnamin ang sayang nararamdaman.

“What about marriage, Kim? I think it’s best if we get married.”

Best for who? Ayaw niyang pakasal kay Lake dahil lang he felt responsible toward her lalo na at may nangyari na sa kanila. Hindi siya papayag.

“Why? Why do you think that?” Love lang ang tanging dahilan kung magpapakasal siya. If that was his reason, magpapakasal siya rito kahit bukas na bukas. Product siya ng broken family, ayaw niyang matulad sa mga magulang. Every child deserves two parents.

“Dahil iyon ang dapat, that’s what you deserve!”

Tama ang hinala niya sa isasagot nito. Malungkot siyang ngumiti rito.

“And what do you deserve? A wife you don’t love?” Hindi na niya ito binigyan ng pagkakataong sumagot. Hindi pa siya handa na marinig dito na hindi siya nito mahal. “Why don’t we go home first, then move into one room, and see where it will lead us? One step at a time, Lake,” pabirong sabi niya.

Nalulungkot man siya, hindi pa naman niya nararamdaman na wala siyang pag-asa. Pakiramdam niya ay may posibilidad pang mahalin din siya ni Lake katulad ng pagmamahal niya rito pagdaan ng

mga araw, lalo na kung lagi silang magkasama.

Umupo ang lalaki sa kama, tumalikod sa kanya. “Huwag kang magbiro at a time like this. Am I just an experiment? A way for you to get what you want?”

“No, Lake! Don’t think like that! What happened between us is very special to me and I want it to stay that way. I don’t want it to have a trace of something negative. It was an exceptional experience. You were fantastic.” Niyakap niya ito buhat sa likuran, nagdikit ang hubad nilang mga katawan. “I want to wake up and sleep beside you. I want to be with you. Do you want that too?”

It was a start. Lake wanted her. Bumalik ang sigla niya.

He moved fast. Namalayan na lang ni Kim na nakapatong na ito sa kanya. “I want you, I will always want you. For now, we’ll do it your way. Next time, it will be my way,” sabi nito na puno ng kasiguruhan. Gumapang ang mga labi nito pababa ng kanyang katawan.

Tanghali na nang makaalis sila sa kama.